## Tungkol sa Division of Developmental Disabilities ng Illinois Department of Human Services

Ang Division of Developmental Disabilities ng Illinois Department of Human Services ay sumusuporta sa dekalidad, pinagsama-sama, person-centered na mga serbisyo at suporta para sa mga indibidwal na may mga developmental disability at sa kanilang mga pamilya. Ang sistema ng mga serbisyo at suporta sa Illinois ay nagpapabuti ng mga oportunidad para sa mga indibidwal na gumawa ng praktikal na pagpili at makatanggap ng mga serbisyong naaangkop, maaaring makuha, maagap, mahusay at panghabambuhay na mahigpit na sinusubaybayan upang matiyak ang indibidwal na pag-unlad, kalidad ng buhay at kaligtasan.



**Makipag-ugnayan sa Illinois Department of Human Services (IDHS)**
**24 na oras na automated helpline:**
**1-800-843-6154 o**
**1-800-447-6404 (TTY)**

Maaari kang makipag-usap sa isang representative sa pagitan ng:
8:00 ng umaga – 5:30 ng hapon
Lunes – Biyernes (maliban sa mga holiday ng estado)

**Ang sumusunod ay isang automated number na nagdidirekta sa caller sa impormasyon ng lokal na serbisyo ng DD:**
**1-888-DDPLANS o**
**1-866-376-8446 (TTY)**

**Makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng sulat sa:**
**Illinois Department of Human Services 319 East Madison, 4N**
**Springfield, IL 62701**

**Bisitahin ang aming web site sa:**
**www.dhs.state.il.us**

IDHS
Illinois Department of Human Services

Ang mga programa, aktibidad, at oportunidad sa trabaho sa Illinois Department of Human Services ay bukas at maaaring makuha ng sinumang indibidwal o grupo nang walang pagsasaalang-alang sa edad, kasarian, lahi, oryentasyong sekswal, kapansanan, etnikong pinagmulan o relihiyon. Ang kagawaran ay isang equal opportunity employer at nagsasagawa ng affirmative action at makatwirang mga programa sa akomodasyon.

**DHS 4313T (R-1-22) Understanding PUNS**
Printed by the Authority of the State of Illinois.

Estado ng Illinois
Kagawaran ng Serbisyong Pantao

# Pag-unawa sa PUNS

## Gabay sa PUNS







IDHS
Illinois Department of Human Services

# Mag-enroll sa PUNS para Maka-apply sa Mga Serbisyong Kailangan Mo

## Mga Madalas Itanong

### ANO ANG PUNS AT PAANO ITO GINAGAMIT?

- Ang PUNS ay isang database ng buong estado na nagtatala ng impormasyon tungkol sa mga indibidwal na may mga developmental disability na nagpaplano para sa o naghahanap ng mga serbisyo
- Ginagamit ng Estado ang data upang pumili ng mga indibidwal para sa mga serbisyo, kapag mayroon nang pondo, para bumuo ng mga proposal at materyales para sa pagba-budget, at para magplano para sa mga pangangailangan sa hinaharap

### BAKIT KAILANGANG MAG-ENROLL SA PUNS?

- Upang tumulong sa pagtukoy ng mga pangangailangan at kagustuhan sa serbisyo
- magparehistro ng mga indibidwal sa PUNS





### SINO ANG MAAARING MAG-ENROLL SA PUNS?

- Mga bata, kabataan, at matatandang may developmental disabilities na nangangailangan o gusto ng mga serbisyo o suporta

### ANO ANG MAAARING ASAHAN NG MGA PAMILYA SA PROSESO NG PAG-ENROLL SA PUNS?

- Ang indibidwal na may developmental disability (kasama ang guardian/tagapag-alaga/pamilya) ay nakikipagpulong nang harapan sa isang Ahente ng Independent Service Coordination (ISC)
- Ang Ahente ng ISC ay makikipagtulungan sa indibidwal at sa kanilang pamilya upang matukoy at magplano para sa mga pangangailangan sa serbisyo at magparehistro sa PUNS

### KAILAN INA-UPDATE ANG IMPORMASYON NG PUNS?

- Taun-taon, ang ISC Agency ay makikipag-ugnayan sa mga pamilya
- Anumang oras na ang pangangailangan para sa serbisyo ay nagbabago
- Kapag nagbago ang contact information, gaya ng address o numero ng telepono
- Kapag nagbago ang impormasyon ng tagapag-alaga [caregiver]

### PAANO GINAGAWA ANG PAGPILI NG PUNS?

- Pinipili ang mga indibidwal mula sa PUNS batay sa kanilang edad, kanilang katayuan (nagpaplano o naghahanap), at kanilang panahon sa PUNS

### KAILAN PIPILIIN ANG ISANG INDIBIDWAL?



- Ang mga pagpili ng PUNS ay batay sa pagkakaroon ng pondo at kakayahang punan ang mga bakante sa programa

### PAANO MALALAMAN NG MGA TAO KUNG SILA AY NAPILI?

- Ang mga indibidwal na pinili mula sa PUNS ay makakatanggap ng isang sulat direkta mula sa Department of Human Services na nag-aanunsyo ng kanilang pagpili at nag-iimbita sa kanila na mag-apply para sa mga serbisyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang ISC Agency

### ANO ANG GAGAWIN NG MGA PAMILYA KUNG MAY DUMATING NA KRISIS HABANG NAKA-ENROLL SA PUNS?

- Dapat makipag-ugnayan kaagad ang mga pamilya sa kanilang ISC Agency para sa mga available na opsyon sa kanilang lugar
- Ang mga indibidwal na nakakatugon sa pamantayan ng krisis ay hindi kailangang maghintay sa PUNS

***Paalala: Ang pag-enroll sa PUNS ay hindi nagkukumpirma na ikaw ay kwalipikado para sa mga serbisyo, o ginagarantiyahan na ang mga serbisyo ay ibibigay.***
***Tinitiyak nito na alam ng Division of Developmental Disabilities ng IDHS ang tungkol sa pangangailangan ng isang indibidwal para sa mga serbisyo.***